

# ELECTRIC DREAM, NATUPAD NA sa Sitio Patag, Cabatuhan, Labo



Makikita si Gob. Edgardo A. Tallado kasama si Bise Gob. Jonah G. Pimentel, unang ginang Josie B. Tallado, dating Mayor ng Labo Wennie Oco at mga kinatawan mula sa CANORECO at iba pa sa pagpapasinaya ng proyektong ELEKTRIPIKASYON malayong sitio sa bayan ng Labo Sitio Patag, Barangay Cabatuhan



TAON 3, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE, 2012  
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"  
Website: [Http://www.camarinesnorte.gov.ph](http://www.camarinesnorte.gov.ph) Email: [cao\\_cnorte@yahoo.com](mailto:cao_cnorte@yahoo.com)

**I**sang sitio sa Camarines Norte sa bayan ng Labo na dating nangangapa sa dilim tuwing gabi ang ngayon ay nakakaranas na ng liwanag ng kuryente at ng iba pang benepisyong dulot nito.

Pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang pasinaya noong ika-16 ng Nobyembre sa pamamagitan ng pag "switch on" ng proyektong elektripikasyon sa Sitio Patag, Barangay Cabatuhan sa bayan ng Labo. Kabilang ang si-

tioning ito sa isinumite ni Gob. Tallado sa National Electrification Administration (NEA) na agad napondohan kasama ang iba pang mga sitio at barangay sa Camarines Norte.

Noong Abril 2012 ay isinagawa din ang inagurasyon ng isa pang proyektong pailaw ni Gob. Tallado sa barangay ding ito, sa Sitio Cabunghahan na nagkakahalaga ng P1,736,741.04 mula sa pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng 20% Development Fund-Provincial Electrification

Program-Secondary Under Built Line Installation

Naiulat na rin sa pahayagang ito ang ukol sa liham ni Edita S. Bueno ng National Electrification Administration (NEA) na nagsasabing ang kahalilingan ni Gob. Edgardo A. Tallado na pagpapailaw ng mga sitio sa lalawigan ng Camarines Norte ay kasama na sa programa para sa 2012 SEP batch 2 at may laang pondong P26.66 milyon para sa 36 na sitio.

Kaugnay ng balitang ito, nalathala din noong

(Sundan sa pahina 3)



Gob. Edgardo A. Tallado

## Nilalaman

10 PCGEAP scholars pasado	- 2
32 aplikante hired on the spot	- 2
Disabled persons Nagtanghal sa SM	- 2
PNHS Covered Court	- 3
Bicol Region Skills Olympics	- 3
Philhealth ID Dist.	- 4
AKO Bikol Tabang sa Brgy	- 4
MENSAHE NI GOB. TALLADO	- 4
Aquino, Ulirang Nakatatanda	- 5
Mga Larawan	- 5
Ordinansa sa CCTV	6
1st Speeling Bee	- 6
8th placer sa RME	- 6
Industriya ng Pili	- 7
Rural Women Achievement Day	- 7
Kambing at Tupa	- 8
107 AKBAY Program Beneficiaries	- 8

## LQF para sa Basud at Mercedes sa pag-imbak ng isda atbp.

**P**inangunahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang inauguration at turn-over ceremony ng Liquid Quick Freeze (LQF) Project sa bayan ng Basud at Mercedes sa magkahilaw na petsa nitong Nobyembre 2012.

Nakasama ng gobernador sa blessing at ribbon cutting ceremony sa Basud si Mayor Dominador S. Davocol, Jr. at sa Mercedes si Mayor Alex Pajarillo.

Kabilang ito sa malalaking proyekto na naiuwi ni Gob. Tallado sa Camarines Norte na bunga ng kanyang pagtitiyaga at pagsasakripisyo sa pagpila sa iba't-



Ang pagbabasbas ng LQF sa Basud. Maakikita sa larawan si Mayor Dabocol, Gng. Francia Pajares at Gng. Trinidad Relloso, MAO

ibang tanggapang nasyonal sa Metro Manila makakuha lamang ng pondo para sa lalawigan.

Ang liquid-quick freezer equipment na humigit-kumulang sa P4.5-M ay pinunduhan ng Department of Agriculture-

National Agribusiness Corporation (DA-NABCOR). Ang P100-L gastusin para sa electrical installation sa 2 bayan ay tinugon ni Gob. Tallado na counterpart ng pamahalaang panlalawigan samantalang ang gusali pagla-



(L-R) Si Gng Francia Pajares, Acting Prov'l. Agriculturist, Gob. Edgardo A. Tallado at Mayor Alex Pajarillo ng Mercedes habang ginugupit ang laso sa pagpapasinaya ng Liquid Quick Freeze Project Makikita din sa larawan at iba pang opisyaes ng Mercedes.

lagyan ng LQF ay kanya-kanya namang counterpart ng LGU Basud at LGU Mercedes.

Matatandaan na ang

kahalintulad na proyekto sa bayan ng Jose Panganiban sa barangay Larap ay pi-

(Sundan sa pahina 7)





**N**akapasa sa 2012 Certified Public Accountant (CPA) Board Examination ang pitong (7) iskolar ng pamahalaang panlalawigan, at tatlo (3) naman sa 2012 Master Electrician Licensure Examination (MELE).

Sina Jhonabel Encinas Alava; Lie Ann Baldo Galvez; Ronaly Sumil Jalimao; Samuel Cabrales Leaño, Jr.; Francis Dupan Lim II; Michelle Ann Baroga Sison, at Lilian Bacurin Sta. Clara ay CPAs na. Mapalad na nakasama sila sa 4,772 nakapasa sa CPA Board Exam mula sa 9,987 na kumuha ng pagsusulit na isinagawa noong Oktubre 6-7 at Okt. 13-14 sa Manila, Baguio, Cagayan de Oro, Cebu, Davao, Iloilo at Legazpi.

Sa may 1,876 katao na sumailalim sa 2012 MELE noong Setyembre 10, 2012 na isinagawa sa Manila; Baguio; Cebu; Davao; Iloilo; Legazpi, at Zamboanga, 664 ang pumasa kasama sina Mac Jayson Saman Diaz; Jeffrey Idama Gadil, at Ma. Leah Buena Jerez na iskolar ng Camarines Norte Provincial Government College Education

# 10 PGCEAP SCHOLARS PASADO

**Congratulations!!!**  
to Provincial Government College Education Assistance Program (PGCEAP) scholars who pass in CPA Board Examination and Registered Master Electrician Licensure Examination  
Greetings From: Gov. Egay A. Tallado

**CPA Board Examination Passers**

Lim, Francis II CPA  
Jalimao, Ronaly CPA  
Galvez, Lie Ann CPA  
Leaño, Samuel Jr. C. Sison, Michelle Ann CPA

**LET Registered Master Electrician Licensure Examination Passers**

Alava, Jhonabel E. CPA  
Sta. Clara, Lilian CPA  
Diaz, Mac Jason S. Master Electrician  
Jerez, Ma. Leah B. Master Electrician  
Gadil, Jeffrey D. Master Electrician

Assistance Program (CNPGEAP), dating Provincial Scholarship Program (PGSP).

Malugod na ipinaabot ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang kanyang pagbati sa tagumpay na tinamo ng mga iskolar ng pamahalaang panlalawigan. Labis ang naging kasiyahan ng gobernador sapagkat hindi umano nasayang ang pondong inilaan ng pamahalaang panlalawigan para sa edukasyon ng mga ku-

lang sa pinansyal na kakayahan ngunit karapat-dapat na kabataan para makapagtapos ng kolehiyo.

Ipinahayag ni Gob. Tallado na sila sana ay magsilbing huwaran at inspirasyon ng mga kasalukuyang iskolar ng CNPGEAP para magsikap upang magtagumpay sa kani-kanilang napiling propesyon, at maging responsableng mamamayan. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**

## 32 aplikante hired on the spot

**U**mabot sa 32 aplikante ang agad natanggap sa trabaho kung saan 23 katao ang agad natanggap para sa lokal na trabaho at 9 naman para sa overseas employment. Ito ay sa Provincial Jobs Fair noong Nobyembre 15-16 sa Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC) na magkatuwang na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan at Philippine Overseas Employment Administration (POEA).

Samantala, isasailalim pa sa pinal na interbyu ang 96 na aplikante para sa lokal na trabaho at 69 para sa ibayong-dagat, at 35 naman ang pasok sa manpower pooling para sa overseas employment. Sa nainterbyung mga aplikante, 28 ang nagkwalipika para sa lokal na trabaho at 22 para sa ibayong-dagat.

Ayon kay Provincial PESO Manager Nida N. Tosoc, 2,120 ang bukas na trabaho para sa mga kwalipikadong aplikante sa nasabing jobs fair ngunit 327 lamang ang

rehistradong nag-aplay, 134 para sa lokal at 193 para sa ibayong-dagat.

Dahil dito, hinikayat ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang ating mga kababayan na sa susunod na panahon ay samantalain nila ang kahalintulad na pagkakataon para makakuha ng trabaho sa lokal at ibayong-dagat man.

Para sa mga kulang sa teknikal na edukasyon para matanggap sa trabaho, sinabi ni Gob. Tallado na ang mga kwalipikadong out-of-school youths (OSYs) at mahihirap nating mga kababayan ay maaaring mag-aplay sa Education Program for Deserving Out-Of-School Youth (EPDOSY) ng Pamaha-

laang Panlalawigan para makapagtapos ng mga kursong bokasyonal/teknikal. Sa ilalim ng EPDOSY, sinasagot ng Pamahalaang Panlalawigan ang tuition fee at iba pang kagamitan sa pagsasanay habang ang venue at iba pang equipment ay sinasagot ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).

Lumahok sa nasabing jobs fair ang mga lokal na kumpanya gaya ng Motortrade Corporation -Daet, Naga Fuel Station-Daet Branch, Watson Naga, Graceland-Daet, Sutherland Global Inc.-Naga City at CGSI Manpower Provider-Laguna. Nagbukas din ng tra-

(Sundan sa pahina 7)

## Disabled persons nagtanghal sa SM

**A**ng mga piling persons with disabilities (PWDs) na kasalukuyang nag-aaral sa ilang pamublikong SPED schools dito sa Camarines Norte ay lumahok sa Pwedeng Pwede Man Kami Part II - A Festival of Talents na idinaos sa SM Naga Activity Center noong Disyembre 6, 2012.

Kasama ang iba pang PWDs mula sa iba't ibang panig ng Rehiyong BikoI, ipinakita nila sa publiko ang kanilang angking talento at kakayahan sa larangan ng pag-awit, pagsayaw, pagtula, maliban sa iba

pa. Hindi nagpahuli sa pagpapakitang-gilas ang mga kababayan nating PWDs na naghandang espesyal na presentasyon sa ilalim ng patnubay ni Ms. Jocelyn L. Teodoro kasama ang iba pang taga-suporta gayundin ang magulang ng mga PWDs. Si Ms. Teodoro na Special Education Teacher (SPET) I sa Daet Elem. School ang kasalukuyang SPED Organization President sa lalawigan.

Sa pamamagitan ng Provincial Social Welfare Development Office (PSWDO), nagbigay ng

tulong-pinansyal si Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado para sa 10 PWDs na kabilang sa mahihirap na pamilya, 6 ay mula sa Daet SPED at 4 naman ang galing sa Labo SPED. Magugunitang kamakailan ay nagbigay ng P200,000.00 tulong-pinansyal ang pamahalaang panlalawigan para sa pag-aaral ng may 84 kwalipikadong PWDs lalawigan.

Isinagawa ng Department of Education (DepEd) Regional Office V ang naturang Festival of Talents bilang pagtalima sa DepEd Memorandum No. 103, s. 2012. **L.T. IBASCO**





Ang ribbon cutting bilang pasinaya ng covered court ng Paracale National High School na pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado, Bise Gobernador Jonah G. Pimentel kasama si Gng. Flordeliza Magana, punong guro ng PNHS.

## PNHS Covered Court alay sa kanilang 66th foundation

**K**ung hindi dahil kay Gob, wala itong ating covered court”, ba-

hagi ng mensahe ni Gng. Flordeliza Magana. Punong Guro ng Paracale National High School sa isinagawang pasinayang programa ng napakalawak na covered court sa Paracale National High School.

Ang pasinaya na pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gobernador Jonah G. Pimentel kasama si Gng. Magana ay itinaon sa ika-66 na taong anibersaryo ng pagkatatag ng Paracale National High School na noong ika-23 ng Nobyembre 2012.

Nagkakahalaga ng

P2.5 M mula sa 20% development fund ng pamahalaang panlalawigan ang nasabing covered court.

Ayon kay Gob. Tallado, sa halagang P 2. 5 M nagawa niyang matalapos nang buo ang ang kanyang mga proyektong covered court sa ibat-ibang paaralan at mga barangay. Nang magsalita siya sa programa ay tinanong niya ang punong guro at mga naroroon kung nais nila ng fiber glass basketball board na ang sabayang tugon ay oo. Sinabi niya kay Gng. Magana na maaari niya itong ipakuha sa kapitolyo.

Ayon pa kay Gng. Magana, kapag mayroong okasyon ang kanilang paaralan ay

idinaraos ito sa Ginuntuang Bulawagan ng Paracale ngunit ngayon at may bubong na ang kanilang malawak na court ay doon na gaganapin ang kanilang mga programa umulan o umaraw.

Sa araw na iyon ay isinagawa din ang multi services sa nasabing bulwagan para sa mga taga Barangay Bagumbayan. Sinamantala ng mara-ming mag-aaral na naroon ang libreng gupit na hatid ng caravan. Isang hiwalay pang multi services caravan sa Casalugan, Paracale na unang pinuntahan ni Gob. Tallado bago siya pumunta sa PNHS. [jing@calimlim](mailto:jing@calimlim)

nador at tagapamuno ng Sangguniang Panlalawigan (SP), hindi siya lumiban sa 111 regular at 11 sesyal na sesyon ng SP. Lagi siyang nakasupporta sa mga proyekto at programa ni Gob. Tallado katulad ng ARCP2. Napuntahan na rin niya ang lahat ng barangay sa Camarines Norte sa paghahatid ng philhealth ID, multi services caravan at iba pang mga serbisyo. [jing@calimlim](mailto:jing@calimlim)

Tallado. Sinabi niya na 15 taon na siya sa pamahalaang panlalawigan. Sa lahat ng naging gobernador, ngayon lamang kay Gob. Tallado naranasan ang pagbuhos ng malaking pondo sa Camarines Norte dahil siya ay malapit sa Presidente at masipag maghanap ng pondo.

Idinagdag p niya na bilang Bise Gober-

## Electric Dream...

(Mula sa pahina 1)

Nobyembre 23, 2012 sa Philippines Daily Inquirer (PDI) sa Editorial na pahina nito na may pamagat na “Electric Dreams” ang pagpailaw sa sitio Patag.

Nasusulat na “AN ODD but delightful report is Inquirer Southern Luzon’s dispatch on how residents of Sitio Patag of Barangay Cabatuhan in the Camarines Norte municipality of Labo welcomed the sudden coming of electricity to their remote area. The absence of electricity in the town since the 1960s had deprived residents of what other townsfolk only kilometers away considered as part of daily life: TV sets, refrigerators and computers, among others. So when power finally came to the village of 78 households on Nov. 16, 47-year-old Mercedita Nemi’s first thought was to sell the family’s two carabaos and buy a TV set and refrigerator. Her neighbors acted likewise, and it’s easy to imagine TV antennae sprouting on rooftops in Sitio

Patag, now literally a Bicol barrio in progress.

Patag embodies the empowerment that comes with electrification. Earlier, the village had to regulate its daily rhythm to the limits imposed by sun and twilight. Having no electricity meant, for one thing, having no additional income: The residents couldn’t set up mom-and-pop stores like food stalls because these would require refrigeration. Nor could they go out after the sun had set, “for fear of people who do bad things at night.” Patag is connected to the national highway by a 12-km dirt road that is by turns muddy and dusty as the seasons change. The dirt road winds through cliffs and forests; the primary mode of transport in the village is the habal-habal, or motorcycles that often carry more people than is possible. Indeed, Patag was the portrait of powerlessness.

But all that changed after linemen from the local electric cooperative came in September to set

## BANTAYOG 3

Nobyembre 2012

up steel posts and transformers. Life in Patag promised to no more be what its name implies—a drudgery and a monotony. (Patag means “flat.”)

Upang maging lubos ang kasiyahan ng mga mamayan sa Sitio Patag dinala din doon ni Gob. Tallado ang multi services caravan. Hindi lamang permanenteng serbisyo ng kuryente ang inihandog kundi libreng serbisyonang medical tulad ng tsek up, bunot ng ngipin, pagbibigay ng gamut, blood chem., libreng gupit, reading glass atpb.

Napakalayo ng sitio Patag kung kaya ayon kay Gob. Tallado, malaki ang kanilang gagastusin para sa mga serbisong nabanggit kung sila ay pupunta pa sa kabayanan at maglalakad ng malayo. “Salapi, hirap at pagod ang inyong daranasin na dati na ninyong suliranin sa lugar na ito. Kaya nais kong makatulong sa inyo sa pamamagitan ng mga serbisyo at proyektong pailaw na inihahatid ko sa inyo sa araw na ito”. Sa

(Sundan sa pahina 5)

## Kalahok ng CNORTE di nagpahuli sa 2012 Bicol Region Skills Competition

**S**a temang “Akmang Pagsasanay Tungo sa Tagumpay”, ang 2012 Bicol Regional Skills Competition (RSC) ay dito isinagawa sa bayan ng Daet noong, Nob. 16 sa Camarines Norte Agro-Sports Center.

Ang 7 trade areas na pinaglabanan ay ang: web designing, software application, graphics design, info. net. cabling, cake decorating, restaurant services at cookery kung saan ang Camarines Norte ay may kalahok sa unang 6 na larangang nabanggit.

Mula sa kalahok ng Camarines Norte nanalong 2nd place sa Graphics Design ang tambalan ni Ryan A.

Ibita at Roderick C. Tuazon mula sa Camarines Norte State College; 3rd place sa Software Application ang tambalan ni R-Jay L. Benagua at Marian C. De Luna mula pa rin sa Camarines Norte State College at 3rd place din sa Information Network Cabling ang tambalan ni Roseton L. Talento at Jeffrey R. Ng mula sa Northhills Colleges of Asia.

Itinataguyod ng TESDA sa pakikipagtulungan sa Local Government Unit layunin ng kumpetisyon na mai-pakita at makilala ang natatanging kahusayan ng mga Bikolanong skilled workers na hindi magpapahuli sa kakayahang at kasanayan ng iba

pa. Ito ay lalahukan ng mga piling tagapagsanay at/o estudyante mula sa mga pribado at pampublikong technical vocational schools mula sa 6 na probinsya ng rehiyon gaya ng Albay, Camarines Norte, Camarines Sur, Catanduanes, Masbate at Sorsogon.

Ang pagbigkas ng Competitor’s Oath AY pinamunuan ni Joshua Joatham V. Cordenete, 2012 NSC Finalist habang si VSS Emmanuel R. Sacayan, 2012 RSC Chairman naman ang nagdeklara ng pagbubukas ng 2012 RSC. -LORENA T. IBASCO

## Ako Bicol...

(Mula sa pahina 4)

na pasyente sa Provincial Hospital gayundin sa pagsasagawa ng mga pagsasanay sa first aid at barangay skills. Ayon pa kay Gob. Tallado, wala pa sila sa serbisyo publiko ay matagal na silang magkaibigan ni Cong Batocabe.

Sa mensahe ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel ay kinatigan naman niya ang mga sinabi ni Gob



**“ Pakiusap, Huwag harangin ang serbisyo”**

**U**na ay nais kong pasalamatan si Congressman Batocabe sa kanyang walang sawang pagtulong sa ating lalawigan upang dugtungan ang mga serbisong ipinagkakaloob natin sa ating mga mamamayan.

Ikalawa, ipapakiusap natin sa kanya na magsulong ng panukala sa mababang kapulungan ng Kongreso ng batas na magbibigay sweldo sa mga barangay tanod.

Ikatlo, nais kong iulat sa inyo ang aking mga ginagawa para sa inyo tulad ng pagbibigay ng uniporme, kagamitan gaya ng flashlight. Higit sa lahat ay ang pagkakaloob sa inyo ng personal accident insurance noong isang taon na binayaran ng pamahalaang panlalawigan. Dahil sa linya ng inyong serbisyo ay kailangan ninyo ito at malaking bagay na mayroon kayong sasadangan.

Nais ko rin iulat sa inyo bilang kayo ay mga katuwang ko sa paglilingkod sa mga mamayan, ang aking ginagawa sa ating lalawigan.

Pinagaganda natin ang Provincial Hospital. Sinaangkapan natin ito ng mga bagong kagamitan. Higit sa lahat gagawin ito ay idinedeklara na natin na isang full charity hospital.

Patuloy po ang aming pamamahagi ng Philhealth Cards. Kaya ako ay nakikiusap sa inyo bilang mga tanod sa barangay at sa lahat din ng punong barangay na naririto na “huwag harangin” ang dala naming mga serbisyo tulad ng Philhealth at multi services caravan na may mga ilang namumuno na ayaw ito ipabatid sa mga kanilang mga barangay ang maing pagdating dala ang mga serbisyong ito.

Sa 2013 ay tatapusin ko ang elektripikasyon ng lahat ng sitio sa Camarines Norte. Marami pa pong pondo ang parating para sa pagsasaayos ng kalsada. May pondo na rin po para sa Bagsakan Center o Trading Psot na itatayo sa Sitio Mat-I sa Vinzons. Dito ay Department of Agriculture mismo ang magma-market ng produkto ng ating magsasaka. Magtatatag din tayo ng farm school.

Wala po akong pinipili kahit kalaban. Kahit hindi lumalapit, magkakaroon ng proyekto sa 2013. Sino po dito ang taga Capalonga? Sa 2013 ay ipapakonkreto ko ang mga kalsada sa barangay sa inyong bayan.

Wala pong imposible kay Egay Tallado dahil ginagawa ko po ang lahat para sa ating lalawigan. Masipag po akong magpalimos sa mga ibat-ibang ahensiya ng gobyerno. Samantalahin po natin na kakampi ko po ang Pangulong Noynoy.

Maraming salamat po sa inyong pagdalo. #

(Ang mensaheng ito ay binigkas ni Gob. Edgardo A. Tallado sa programa ng pamamahagi ng medicine kita sa mga barangay at uniporme sa barangay tanod na kaloob ng AKO BIKOL)

# Philhealth ID Distribution

**D**umag sa noong ika-22 ng Nobyembre sa Daet Elevated Plaza ang mga philhealth beneficiaries mula sa Daet upang tanggapin mula sa pamahalaang panlalawigan ang kanilang Philhealth ID.

Kasama na din sa ipinamamagi ang Philhealth IDs ng mga 4Ps beneficiaries na mula naman sa pambansang pamahalaan.

Ang pagkakaloob ng Philhealth Cards ay isinulong ni Gob. Tallado kaalinsabay ng kanyang programa na gawing libre ang panlalawigang pagamutan. Noong buwan ng Setyembre 2012 ay nagsimula sa mga bayan ng San Vicente, Talisay at Basud ang pamamahagi na pinamamahalaan ng tangga-



Nagbigay mensahe si Gob. Tallado sa mga benepisyaryo sa bayan ng Daet bago ipagkaloob sa kanila ang Philhealth ID

pan ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel at G. Jose Boma, Acting Provincial Administrator. Araw-araw ang iskedyul ng pamamahagi sapagkat umaabot ang bilang sa 91,000 Philhealth ID na 42, 286 ang mula sa pamahalaang panlalawigan na may pondong P15M at ang humigit kumulang sa 50,000 ay

sponsored naman ng Nationa Household Targeting system..

Sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ang distribution ng Philhealth Cards at inaasahang sa pagpasok ng Enero 2013 ay naipamahagi na lahat ito.

Ilang pagkakataon nang sa mga mensahe ni Gob. Tallado sa pag-

punta niya sa mga barangay na sinasabi niya na naranasan niya ang hirap ng walang gastusin para sa pagpapa ospital dahil siya ay galing sa mahirap na pamilya kung kaya isa ito sa prayoridad niyang programa para sa mga salat sa buhay niyang mga kababayan. *jing@calimlim*

# AKO BIKOL Tabang sa Barangay

**A**ng Ako Bikol (AKB) partylist representative Cong. Rodel Batocabe ay narito sa lalawigan noong Nobyembre 22 sa Little Theater ng Camarines Norte Agro Sports Center at namigay ng medicine kit sa bawat kaukulang barangay gayundin ang uniporme ng kanilang mga Barangay Tanod.

Bago ang naturang distribusyon



(L-R) Bise Gob. Pimentel, Cong. Batocabe, Gob. Tallado, BM Marmol, PB Avila, Coun. Frankie Ramos ng Mercedes at sa ibaba ay ang ilan sa mga barangay tanod



**EDITORIAL BOARD:**

**CHAIRMAN:**  
**EDGARDO A. TALLADO**  
Governor

**VICE CHAIRMAN:**  
**JOSE G. BOMA**  
Executive Asst. IV & OIC  
Provincial Administrator

**MEMBERS:**

- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, Community Affairs Officer IV
- Atty. Debbie G. Francisco, Supervising Tourism Operations Officer
- Abel C. Icatlo, Museum Curator IV
- Rikki Vito, Station Manager Radyo ng Bayan

**EXECUTIVE EDITOR:**

JING ARRIOLA CALIMLIM

**NEWS EDITOR:**

Lorena T. Ibasco,

**LAYOUT:**

Engr. Wilson V. Porcincula

**PHOTOGRAPHER :**

Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION :**

Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER**

**DESIGNATES:**

**G.O-MASCD-** Aida B. Pandeagua;  
**G.O-LSD-** Dario C. Dime  
**G.O PCSSD-** PGil Virgel T. Zantua;

**GSO-**Gina B. Racelis,  
**OPAg-**Melinda L. Jerez;  
**Paccto-**Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez  
**PASso-**Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor  
**PBO-**Estela P. Adorna;  
**PDDDRMO -**Arnel S. Ferrer,  
**PENRO-**Gonzalo C. Binay;  
**PEO-**Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;  
**PHO-**Marino Abogado  
**PLO-**Donna A. Guevarra  
**PPDO-**Marilyn P. Asis;  
**ProVet-**Samuel O. Villagen; ;  
**PSWDO-**Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;  
**PTO-**Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;  
**SP-**Josephine Q. Badong;

ay nagbigay mensahe si Cong. Batocabe kung saan ipinabatid niya ang mga ginagawang proyekto ng AKO Bikol sa rehiyong Bikolandia. Sinabi niya na sa lahat ng partylist, AKO Bikol ang nakakatulong sa Bikol. Dagdag pa niya ang Bikolano ay laging tumatayo sa kabila ng kalamidad kaya tulad ng pag “disqualify” ng COMELEC sa AKO Bikol ay ipinaglaban nila ito. Masaya niyang ipinabatid na kinatigan ng Korte Suprema ang kanilang apela.

Mula sa distribusyon ng Philhealth card sa Daet Elevated Plaza ay dumalo din si Gob. Edgardo A. Tallado, Bise Gob. Jonah G. Pimentel at Board Member Romeo Marmol sa nasabing pamamahagi. Sa kanyang mensahe ay pinasalamatan niya ang AKO Bikol at si Cong. Batocabe sa mga tulong na ipinagkakaloob niya sa Camarines Norte. Ang AKO Bikol ay nagkaloob ng tulong pinansiyal sa mga mahihirap *(Sundan sa pahina 3)*



# Electric dream...

(Mula sa pahina 3)  
pagpunta naming dito ay hindi rin naming makakalimutan ang naranasan naming na hirap ng paglalakbay ngunit kami ay maligaya dahil nakatulong kami sa inyo. Hindi ko malilimutan ang araw na ito," ayon kay Gob. Tallado.

Sa araw na iyon ay kasabay ding isinagawa ng multi services caravan sa sentro ng Cabatuhan at gayon din sa barangay Tigbinan, Labo na dito ay naunang nagtungo si Gob. Tallado.

Naging lubos pa ang kasiyahan ng mga taga Sitio Patag nang iwan doon ni Gob. Tallado

ang kanyang personal na mobile disco and sound system upang magamit sa gabing iyon sa pagsasayawan ng mga naninirahan doon.

Ilang tao din ang aming nakapanayam doon at nagpahayag ng kanilang labis na kasiyahan at pagpapasalamat kay Gob. Tallado at sa mga kawani ng CANORECO na ilang buwan ding namalagi sa kanilang lugar.

Kasalukuyan ding tinatapos ang proyektong kalsada ni Gob. Tallado sa Cabatuhan.  
jing@calimlim



Si Gob. Tallado at si Bise Gob. Pimentel sa kanilang pakikisalamuha sa mga mamamayan ng Cabatuhan at Tigbinan, Labo



Makikita ang sasakyan ni Gob. Tallado na tinawid ang ilog at sa ibaba ay ang PNP mobile. Ito ang mga daang tinahak ng grupo upang maihatid a ang serbisyo ng kapi- tolyo sa liblib na lugar ng Cabatuhan, Labo at sa Sitio Patag na pinailawan na rin ni Gob. Tallado.



(L-r) Si dating Konsehal Nards Baring ng Labo, Punong Barangay Elmer Tuca ng Tigbinan, Gob. Talldo at Bise Gob. Pimentel sa Multi Services Caravan sa Tigbinan na ginanap sa F. Caudilla Elementary School



Nagpapahayag ng pasasalamat si Punong Barangay Dante Balog ng Cabatuhan, Labo sa pagdala ng Multi Services Caravan sa kanyang barangay (sa sentro ng Cabatuhan (kaliwang larawan) at ang pailaw sa sitio Patag. (larawan sa kanan)



## Ruben Aquino - Ulirang Nakatatanda Gob. Tallado, Bise Gob. Pimentel atbp kinilala rin ng CNVOEA

**P**inagkalooban si Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel ng Award of Excellence in Public Service particularly in Serving the Elderly ng *Camarines Norte Volunteer Orgainzers and the Elderly Association (CNVOEA) Inc.* noong ika-18 ng Oktubre sa Little Theater ng Agro Sports Center sa Daet sa isinagawang Pagpaparangal sa Ulirang Nakatatanda 2012 ng CNVOEA na dito ay panauhin pandangal rin si Gob. Tallado.

Sa nasabing programa ay ipinagbigay alam din ni G. Artemio

C. Andaya ng COSE na ang kinatawan ng Camarines Norte na si Ruben B. Aquino ay kabilang sa Sampung Ulirang Nakatatanda sa taong 2012 na kinilala ng COSE at ng San Beda College sa isinagawang programa noong Otubre 7, 2012 sa Abbot Lopez Hall.

Si Aquino ay 71 taong gulang at nominado ng CNVOEA dahil sa tuwing panahon ng kalamidad a kinakitaan ng natatanging serbisyo sa mga biktima ng kalamidad. Bagamat hindi sapat na nakapag-aral siya ay nakilalang community broadcaster dahil sa kanyang programa sa radyo para sa mga

senior citizens sa Camarines Norte.

Ang programa naming isinagawa dito noong Oktubre 18 ay kinapalooban ng misa na pinamunuan ni Rev. Fr. Edwin Visda Director ng SPACFI na katuwang ng CNVOEA sa kanilang mga programa.

Sa mensahe ni Gob. Tallado kanyang ipinabatid ang alokasyong pondo para sa mga nakatatandang mamamayan ng Camarines Norte na may alokasyong P1.5 milyon sa taunang budget n g pamahalaang panlalawigan. Ipinabatid din niya ang kanyang ilalaan na P500,000 pondo para sa pagpa-



patayo ng opisina ng CNVOEA sa Masalong, Labo, Camarines Norte. Susuportahan din niya ang planong proyektong ng CNVOEA sa pakikipagtulungan ng Coalition of Services for the elderly (COSE) na water refilling station.

Binigyan parangal  
(Sundan sa pahina 6)



Ipinagkaloob ni Artemio Andaya mula sa COSE at ni G. Hermogenes Tenorio, CNVOEA President ang Gawad ng Pagkilala kay Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel.





# ORDINANSA SA CCTV CAMERA PINAGTIBAY

U maksiyon ang Sangguniang Panlalawigan (SP) para mapababa ang insidente ng kriminalidad at matigil ang pananalasa ng mga sindikato partikular na dito sa Camarines Norte kung saan kamakailan ay napagnakawan ang ilang magkakatabing *pawnshops* dito sa bayan ng Daet.

Ito ay sa pamamagitan ng pagpasa sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 31-2012 na nag-aatas sa paglalagay ng *closed circuit television (CCTV)* o *video surveillance system (VSS)* sa mga komersyal na establisimyento, bahay-negosyo at

hay-negosyo at istate-hikong lugar dito sa Camarines Norte, kasama na ang kaukulang parusa sa paglabag sa naturang ordinansa. Sakop nito ang mga establisimyento na P1-M ang minimum na kapital sa negosyo batay sa isinumite nilang record sa *Business Permit and Licensing Office (BPLO)*. Ang notisya na nagsasabing may *CCTV camera/s* sa paligid ng establisimyento ay kailangang ipaskil sa lantad na lugar.

Bago maaprubahan ang *business permit applications* ng mga dati nang bahay-negosyo at

bagong establisimyento na sakop ng Ordinansa, kailangang kumuha sila ng *certificate of compliance (COC)* mula sa *CCTV Camera Council* para maaprubahan ang kanilang *business permit applications*.

Ang *CCTV Camera Council* na pamumunuan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ay magsisilbing *oversight body* na siyang mag-aapruba, kukontrol at mangangasiwa sa paglalagay at paggamit ng lahat *CCTV Cameras* sa lalawigan, *co-chairman* ang *PNP Provincial Director*, at kasapi ang mga sumusunod: *SP Chairman on Peace and*

*Order and Public Utility; Provincial Disaster Risk Reduction and Management (PDRRM) Officer; Provincial Engineer; Provincial Treasurer; SB Chairman on Peace and Order and Public Utility* sa 12 bayan ng lalawigan; tatlong (3) miyembro mula sa sektor ng pagnenegoyo, at ang *Regional Director ng National Telecommunications Commission (NTC)* o *designee as ex-officio member*.

Gagamitin lamang ang mga kuha ng *CCTV surveillance cameras* para

sa *law enforcement at crime prevention; homeland security*, at *traffic monitoring*. Anumang bahagi ng *CCTV feeds* ay hindi pwedeng gamitin para sa pagbabalita (broadcasting); pagpapalabas (viewing); paglilipat (transfer) ng kuha para pagkakitaan, at pagpaparami ng kopya (reproduction) ng alinmang bahagi ng *CCTV records* o feeds.

Ang sinumang lalabag sa mga probisyong itinatakda ng Ordinansa ay papatawan ng mul-

tang P1,000.00 para sa unang paglabag; P2,000.00 para sa ikalawang pagsuway sa lokal na batas, at P3,000.00 para sa ikatlo at mga susunod pang paglabag. Ipatutupad ang naturang Ordinansa simula Enero 1, 2013.

Bilang karagdagan, inaatasan din nito ang lahat ng Sangguniang Bayan sa lalawigan na isulong ang SP Ordinansa Blg. 31-2012 para matiyak ang epektibong implementasyon nito. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**

## 8TH PLACER SA RME, parokyano ng Prov'l. Library

Sa closing program ng 21<sup>st</sup> *Library and Information Services Month Celebration* nitong Nobyembre 29 sa *Camarines Norte Provincial Library (CNPL)* ay nasorpresa ang mga naroon ng bigyang pagkilala si Ma. Lourdes A. Bertillo, 5<sup>th</sup> year electrical engineering student ng Camarines Norte State College na nakapangwalong puwesto (8<sup>th</sup> place) sa pambansang pagsusulit para sa Registered Master Electrician.

Hindi nakapaloob sa

programa ang ginawang pagkilala kay Bertillo ngunit nais ng Library Services Division ng Tanggapan ng Gobernador na maging inspirasyon si Bertillo sa mga mag-aaral dahil siya ay regular library user sa Provincial Library simula pa noong siya ay nasa elementary hanggang sekondarya at hanggang sa kasalukuyan na siya ay malapit ng magtapos sa kolehiyo. Nakita ni Bertillo ang naging pagbabago dito lalo na nitong panahon ni Gob. Edgardo A. Tallado na ginawa ni-

yang airconditioned at wifi zone na ang provincial library.

Sa kasalukuyan ay sinisimulan na ang "library automation o computerization ng provincial library. Patuloy na ginagawa ni Gob. Tallado na maging maayos ang pasilidad na ito upang lalo pang mahikayat ang mga kabataan at nakatatanda man na ugaliin ang pagtungo sa aklatan, upang lumawak ang kaalaman at maglibang sa pagbabasa sa isang kaaya-ayang lugar. **L.T. IBASCO/JAC**

## Ruben Aquino...

(Mula sa pahina 5)

din ang mga sumusunod na ulirang nakatatanda dahil sa kanilang masigasig na pagsisilbi sa samahan: Florencia Estrella, Pura Evalla, Conchita Ebona, Ester Borjal, Caridad Belmonte, Juan Oliva, Leah Quinones, Nilda Vilamor, Victoria Bataller, Anastacia Zamora,

Emma Asis, Librado Adorino, at Pacencia Pronda.

Mga Ulirang Home Care naman sina Mila Almadrones (PSCEA) Purita Cana ng Malasugui, Labo, Ninita Rada ng Pamorargon Daet at Lucy Aman.

Si Rosario Llaneta ng SHEPA ang Pinaka Ulirang Home Care Vol-

unteer. Ulirang samahan naman ang Malasugui Elderly Senior Citizens Assn at Masalong Elderly Assn..

Ang Gawad Pagkilala sa HCAV ay tinanggap naman nila Chita Cernichez, Edna Oliva, Maricar Ebron, Estela Dioquino, Nilia Sibulo Welhermina Boten. Mario delos Reyes Bienvenida Batalles, Aludia Beltran, Zenaida Boriga at Lydia Torquator. **jing@calimlim**

## 1st Spelling Bee



U mabot sa 21 mag-aaral na pawang nasa ika-6 na baitang sa elementarya ang lumahok sa *Spelling Contest* na idinaos sa *Camarines Norte Provincial Library (CNPL)* ng kaugnay ng selebrasyon dito ng 21<sup>st</sup> *Library and Information Services Month* ngayong Nobyembre 2012.

Dito ay nanguna si Owen Matthew A. Abejero ng Daet Elementary School (DES); pumangalawa si Jeremiah S. Torrenueva ng CNSC-Abao Campus, at pangatlo naman si Zack J. Maghinay ng *Basud Elem. School*. Sina Abejero, Torrenueva at Maghinay ay unang nagkakaharap-harap sa *elimination round* na idinaos noong Nobyembre 8 sa CNPL.

Tumanggap ng

P3,000.00 ang unang puwesto, P2,000.00 sa ikalawang puwesto at P1,000.00 para sa ikatlong puwesto.

Samantala, naging *spelling master* si *Community Affairs Officer IV* Jing A. Calimlim habang mga hurado naman sina Ms. Purita P. Briñas, Mr. Arnell S. Ferrer ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO)*; Ms. Nerissa A. Augusto ng *Provincial Assessor's Office (PAssO)* at Norjean Abarca ng Radyo ng Bayan.

Pinarangalan din ang mga nananalo sa *Essay Writing Contest* na nanginang ginanap noong Nobyembre 12. Si *Stephanie Ann B. Lopez* ng *Vinzons Pilot High School (VPHS)* ang naka-unang puwesto, pumangalawa si Desiree Maegan L. Ong ng *Chung Hua High School (CHHS)* at

pangatlo naman si Francis Jan P. delos Santos ng *Vicente L. Basit Memorial High School (VLBMHS)*.

Ang mga naturang paligsahan at ang *film showing* noong Nob. 5 ay pawang idinaos sa CNPL na fully airconditioned at wifi na ay naisakatuparan sa pamamagitan ng *Governor's Office-Library Services Division (GO-LSD)* na pinamumunuan ni Ms. Lorenia Tuazon.

Itinaguyod ito ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado upang mabig-yang-diin ang mahalagang papel ng mga silid-aklatan (*library*) sa buhay ng bawat Pilipino lalo na sa pagpapaunlad sa kaalaman at kaisipan hindi lamang ng mga estudyante kundi ng publiko sa kabuuan. **DARIO C. DIME**

# Tupa at ....



Makikita sa larawan sa ibaba, ang ilan sa mga kambing na ipinamagi ni Gob. Tallado sa isang serye ng multi services Caravan sa Bagumbayan, Paracale sa ilalim ng Livestock Dispersal Program ng pamhalaang panlalawigan.

(Mula sa pahina 8)

at kasanayan ang mga benepisyaryo sa was-tong pagpapakain at pangangalaga at mabilis na pagpaparami ng kambing at tupa. Sa ila-lim ng programa, ang barakong kambing ng PROVET ay ipapahiram sa mga benepisyaryo para mabarkuhan ang mga babaeng kambing. Ang 2 babaeng kambing ay babayaran nila ng 4 na babaeng kambing na kukunin mula sa bawat

iaanak ng kanilang alagang kambing hang-gang sila ay makabayad. Ang ibabayad nilang babaeng kambing ang ang siya namang ipa-mimigay ng PROVET sa iba pang interesadong maging benepisyaryo. Magpapaulit-ulit ang proseso hanggang dumami ang matulu-ngan ng programa at magkaroon ng karag-dagang hanapbuhay. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**

## LQF sa pag-imbak...

(Sundan sa pahina 1)

nasinayaan na ka-makailan.

Sinabi ni Gob. Tal-lado na ang implemen-tasyon ng proyekto sa 3 nabanggit na mga bayan ay makapagpapataas sa kita ng mga magsasaka at mangingisda sa la-lawigan.

Ang LQF equipment ay pwedeng gamitin sa pag-imbak ng isda, gu-lay at prutas nang hang-gang 6 na buwan na hindi nagbabago ang lasa at himaymay (texture) ng mga pro-dukto. Madali rin itong gamitin (user-friendly), matipid (cost effective), garantisadong ligtas ayon sa Bureau of Fisher-ies and Aquatic Resources (BFAR) at nakapasa sa University of the Philip-pines (UP) Pharmacology and Toxicity Test.

Sinabi ni Acting Pro-vincial Agriculturist Francia B. Pajares na ang makabagong kagamitan ay kayang maglaman ng 3,000 kilo bawat araw kung saan mapi-freeze nito ang 500 kilong pro-dukto sa loob lamang ng 20-60 minuto. May tem-peratura itong -30 to -40 degrees Celsius kaya walang bakterya o mi-croorganism na mabubu-hay sa loob nito. Dahil dito, makasisiguro tayo ng malinis (dirt-free) at ligtas na pagkain para sa mga mamimili. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**



## Balitang AGRIKULTURA Industriya ng pili isusulong

Ang Rehiyong Bikol ang pangunahing pinagmumu-lan ng Pili na isa sa pina-kamahahalagang katu-tubong punungkahoy sa bansa. Hinahanap-hanap ng karamihan ang ma-sarap na lasa ng kernel nito na pangunahing sangkap sa paggawa ng iba't-ibang kendi (candies), minatamis (sweets), cookies, at cakes o kaya ay bilang nuts, sariwa o pi-natuyong kernel (fresh o dried kernel), at iba pa.

Kinikilala ng admin-istrasyon ni Gob. Ed-gardo 'Egay' A. Tallado ang malaking potensyal ng industriya ng Pili sa lokal at pandaigdigang merkado man. Dahil dito, sa pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist (OPAg), itinaguyod ng gober-nador ang Training on Pili Production, Post Harvest and Processing na idaraos sa Nobyem-bre 28-29, 2012 sa Little Theater, Camarines

Norte Agro-Sports Cen-ter.

Ang pagsasanay ay kinapapalooban ng lek-tyur ni Engr. Harold R. Gestiaada, Agricultural Technologist/Provincial Pili Coordinator na na-katuon sa mga katangian at uri ng pili, sustan-syang taglay nito, pang-ekonomikong pakina-bang at mga produkto mula rito (by-products). Isa pang paksa ang Sex-ual at Asexual Pili Propagation Techniques (with practicum); Care and Maintenance of Seedlings, Cultural Man-agement Practices of Pili Production, Site Selec-tion, Land Preparation, Nursery Establishment and Maintenance, Prun-ing, Intercropping of Pili, Fertilization, at Orchard Establishment, at ang Pest and Disease Con-trol.; Harvest and Post-harvest Technology in Pili Production.

Ibabahagi rin ng kaukulang CNPGPA members ang Pili Proc-essing Technology na

paggawa ng sugar coated pili (kernel) at ang pulp oil extraction (pulp).

Sa closing program, pinangunahan nina Act-ing PA Pajares at G. Rey Dizon, technical staff mula sa Agricultural Training Institute-Regional Training Cen-

## BANTAYOG 7 Nobyembre 2012

ter (ATI-RTC 5) ang pag-gawad ng certificates of participation and appre-ciation sa mga kinauu-kulang indibidwal, asosasyon at tanggapan man. **LORENA T. IBASCO**



Si Board Member Romeo Marmol, SP Committee Chairman on Agriculture na siyang kumatawan kay Gob. Tallado sa distribusyon ng tseke sa mga benipisyaryo ng AKBAY

## 107 AKBAY...

(Mula sa pahina 8)

implements; 7) small-scale processing gaya ng pag-gawa ng tosino, longganisa, deboned/smoked fish, itlog na maalat (salted eggs), balut, nata de coco, uraro bis-cuits, peanut brittle, at soft broom, at 8) handicraft mak-ing gaya ng paghabi ng abaka at pineapple fibers at coco-nut at corn husk.

Ito ay patunay na tuluy-tuloy ang mga proyek-tong pang-agrikultural at pampangisdaan ni Gob. Tallado sa lalawigan upang patunayan ang kanyang sinseridad na mabigyan ng tunay na serbisyo ang kanyang mga kababayan. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**

## 32 aplikante...

(Mula sa pahina 2)

baho para sa ating mga kababayan ang 6 na over-seas companies/recruitment agencies tulad ng KANYA International Services Cor-poration para sa trabaho sa Qatar; 1<sup>st</sup> Northern Interna-tional Placement, Inc. para sa bansang Amerika; Lakas Tao Contract Service Ltd. Co. para sa Taiwan; Global Expertise Manage-ment Inc (dating Almasura International Manpower Services) para sa Saudi Arabia; Lead Resources Management Corporation (dating VEAM Ent. Co.), at ang Sunway International Manpower Services, Inc. para sa Bahrain, Saudi Ara-bia, Kuwait, at Qatar. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**

## Rural Women Achievement Day

N agtipon-tipon ang Rural Im-provement Club ng 12 bayan ng Camarines Norte noong Nobyembre 23 sa Audio-Visual Room, 3rd Floor Annex, Provin-cial Capitol, para ipagdi-wang ang Home Exten-sion/Rural Improvement Club (RIC)-Rural Women Achievement Day na may temang: "RIC: On the Go ... Partners in Agricul-tural Development".

Dito ay pinagkaloo-ban ng Certificate of Com-mendation si Ms. Susan P. Acheron na pumangalawa sa 2012 National Search for Outstanding Rural Women. Ipinagkaloob

din ang mga kaukulang premyo para sa 1<sup>st</sup> place winner para sa RIC Com-munal Garden Category; RIC Individual Garden Category at Outstanding RIC Category . Pinili din ang Best in Production Number mula sa ipinala-bas na production number ng mga Municipal RICs sa isanagawang programa.

Binigyan daan sa maghaponng programa ang pagtalakay ng Crime Prevention Tips for Women and Children sa pama-magitan ni PO3 Monica Rafer-San Juan ng Women and Children Protection Unit ng Camarines Norte Provincial Police Office (CNPPO).

Ayon kay Ms. Erlinda G. Sañez, Senior Agricul-turist/Provincial RIC Coor-dinator, nagsagawa din ng Tiangge kung saan tam-pok ang mga gawang pro-dukto ng mga RICs na bahagi ng kanilang income generating projects (IGPs).

Sa pamumuno ni Act-ing Provincial Agriculturist Francia B. Pajares, ini-handa ng OPAg ang naturang 1-araw na pag-diriwang at pagtitipon-tipon ng lahat ng RICs upang kilalanin ang pwersa ng kababaihan sa rural na pamayanan bi-lang kabalikat sa pag-unlad ng bayan. **LORENA T. IBASCO**



# Kambing at tupa ipinamamahagi!

**P**inangunahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado noong Nobyembre 6 ang pamamahagi ng 30 ulo ng kambing at 12 ulo ng tupa sa may 33 indibidwal at asosasyon na benepisyaryo ng mga alagaing-hayop na mula sa tanggapan ni Kalihim Proceso J. Alcala ng *Department of Agriculture (DA)*. Ito ay suporta ng DA sa programa sa paghahayupan (*livestock*) at seguridad sa pagkain (*food security*) ng pamahalaang panlalawigan.

Sa naturang bilang, 30 katao ang nabigyan ng tig-iisang kambing habang ang 3 pang benepisyaryo ay tumanggap ng tig-apat na tupa, 3 babae at 1 lalaki.

Ang mga benepisyaryo ay mga nakapasa sa pamantayang ipinatutupad sa ilalim

ng *Goat Dispersal Program* ng Pamahalaang Panlalawigan na ipinatutupad ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)* sa pamumuno ni Acting Provincial Veterinarian Ronaldo Diezmo.

Noong Oktubre 29, 2012 ay may nauna nang naipamahagi na 80 babaeng kambing sa *Little Theater, Provincial Capitol*. Matatandaan din na may 20 mga babaeng kambing ang una nang naipamahagi sa serye ng Aprub Ka Egay sa Serbisyo Publikong Tunay *Provincial Multi-Services Caravan* na isinagawa kamakailan sa ilang bayan ng lalawigan.

Bago ang naturang mga pamamahagi, ang mga benepisyaryo ay sumailalim sa *Training on Goat and Sheep Production; Goat Production at Herd Health Management*.



Tagapagtalakay sa mga pagsasanay si Mr. Raymond Marcilano, *Regional Livestock Coordinator* sa *DA Regional Field Unit 5* habang nagsilbi namang *over-all facilitator* si Ms. Francia C. Pajares, *Acting Provincial Agriculturist* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*.

Ang pagsasanay ay upang mabigyan ng tamang impormasyon at magkaroon ng kaalaman

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran,  
Tagumpay ng Mamamayan  
Bayan lang ang Pinaglilingkurang

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng  
Pamahalaang Panlalawigan ng  
Camarines Norte

TAON 3, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE 2012  
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"  
Website: [Http://www.camarinesnorte.gov.ph](http://www.camarinesnorte.gov.ph) Email: [cao\\_cnorte@yahoo.com](mailto:cao_cnorte@yahoo.com)

# 107 AKBAY Program beneficiaries tumanggap ng tig-P10,000

**I**sinasagawa noong ika-12 ng Nobyembre sa *TVM Sports Complex*, Talisay ang pamamahagi ng tig-P10-L tseke para sa 107 magsasaka / mangingisda na benepisyaryo ng AKBAY (*Agrikultura: Kaagapay ng Bayang Pinoy*) *Program* sa naturang bayan.

Nakarating dito sa Camarines Norte ang *AKBAY Program* dahil sa inisyatibo ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na masugid na nagtutungo at nakikipag-ugnayan sa mga pamahalaang nasyonal, partikular na sa *Department of Agriculture (DA)*, para makapagdala ng mga kapaki-pakinabang na mga programa at proyekto sa kanyang mga kababayan.

Ang mga benepisyaryo ng programa sa lalawigan ay ang pi-

nakamahihirap na mga magsasaka at mangingisda na nasa *5<sup>th</sup>-6<sup>th</sup> class municipalities* gaya ng San Lorenzo Ruiz, San Vicente at Talisay na nakapasa sa pamantayan nito.

Ayon kay *Acting Provincial Agriculturist* Francia C. Pajares, ang P10-L pautang ay babayaran ng mga benepisyaryo sa loob ng 3 taon ng walang interes. Batay sa *quarterly status report* ng programa, may 69 proyekto ang isinasagawa sa San Lorenzo at tig-70 proyekto naman sa San Vicente at Talisay.

Ang AKBAY Program ay ipinatutupad ng *National Agriculture and Fishery Council (NAFC)* sa pakikipagtulungan sa DA sa pamamagitan ng mga *Regional Field Units (RFUs)* nito at sa mga pamahalaang lokal, at pinupunduhan sa ilalim ng *Japan Grant Assistance*



for the *Food Security Project for Underprivileged Farmers (2KR)* bilang suporta sa *Agri-Pinoy framework* ng DA. Sumusuporta rin ito sa *Millennium Development Goal 1, "Eradicate extreme poverty and hunger."*

Sa ilalim ng programa, ang mga benepi-

syaryo ay kailangang magsagawa ng *micro-scale livelihood projects* na pang-agrikultura at pampangisdaan gaya ng, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod: 1) *crop production* gaya ng pagtatanim ng mga gulay, kabute, kamoteng-kahoy; 2) *backyard poul-*

*try raising* at egg production ng manok (native, upgraded, kabir o sasso) at itik; 3) *backyard livestock production* gaya ng pag-aalaga ng kambing at baboy; 4) pagpasimula ng *aquaculture* gaya ng pagpaparami ng tilapia, bangus, mussels, oysters at iba pang shell-

*fishes, seaweeds, siganid, grouper, lobster, at sea urchin; tahong, alimango, atbp.; 5) municipal fishing* o pagbili ng *fishing paraphernalia* gaya ng drift gill net, bottom gill net at hooks and lines; 6) pagbili ng *small farm*

(Sundan sa pahina 7)